# Foreign trips ni PBBM, mabiyaya raw? P3


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 17 10.00 JANUARY 23 - 29, 2023


## Presyo ng sibuyas babagsak sa P100 to P150/ kilo

DAHIL parating na ang 5,000 metric tons (MT) ng inangkat na sibuyas, maaaring bumagsak sa P100-P150 ang presyo kada kilo nito, ibinalita ng g Department of Agriculture (DA) nitong nakaraaang linggo.

Hindi na rin patatagalin pa ang P250 suggested retail price (SRP) ng pulang sibuyas, dahil parating na ang anihan nito sa mga susunod na buwan, ayon pa sa DA.

Sa House of Representatives (HOR), nasermunan ni Marikina Rep. Stella Quimbo si Bureau of Plant Industry Director Glenn Panganiban nang hindi masagot ang tanong kung may sindikato ang nasa likod ng pagsirit sa presyong P600-P700 ang presyo ng sibuyas sa pamilihan.

Hindi raw niya alam, tanging naisagot ni Panganiban.

Sa Malakanyang, sinabi ni President Ferdinand Marcos Jr. sa isang miting na palalawakin ng gobyerno ang mga lugar na pagtataniman ng sibuyas.

Sinabi rin ng Pangulo -- na tumatayong DA secretary -- na tutulong ang kagawaran sa pagbibigay ng magagandang buto at binhi para sa masaganang ani ng mga magsisibuyas.

Plano rin ng gobyerno na magtayo ng mga cold storage facilities para mapanatiling sariwa at mataas ang presyo ng mga inaaning produktong bukid.

# Garbage truck, CV para sa malinis na Carmona

## *5th District Rep. Roy Loyola namigay ng gift boxes sa mga bata....*

**ni DOMZ B. CAOILE** – Pormal na ipinagkaloob nitong nakaraang linggo ni Carmona Mayor Dra Dahlia Loyola ang isang trak pambasura (drop side garbage truck) at dalawang container van (CV) sa pangangalaga ng Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) na ginagamit ngayon sa maayos na paglilikom at pagtatapon ng basura.

Ginawa ito ng pamahalaang bayan upang mapanatiling maayos at malinis ang kapaligiran ng munisipalidad, bukod sa inatasan ni Mayor Loyola ang MENRO na ipagpatuloy ang impormasyon at pagpapatupad sa batas tungkol sa basura.

Ayon sa Republic Act 9003, kailangang hiwa-hiwalay na ang mga nabubulok, di-nabubulok at mga basurang pwede pang gamitin uli at iresiklo bago ito ilabas sa mga bahay sa mga araw na kukunin iyon ng mga basurero.

Ipinaalaala rin ng alkalde na may parusang multa at/kulong sa mga lalabag sa ordinansa laban sa di-maayos na pagtatapon ng basura.

Samantala, kamakailan, pinangunahan ni Cavite 5th District Congressman Roy M. Loyola ang pamamahagi ng Gift Boxes para sa mga batang Grade 1 at Garde 2 ng Family Village Resources Elementary School sa General Mariano Alvarez(GMA).

Umabot sa mahigit na 500 kahon ng regalo ang tinanggap ng mga bata na nasisigaw sa malaking katuwaan.

Ang aktibidad ay tinawag na 'Christmas Shoebox Project' ng DAIICHI Properties,Inc, kasamaang ING Business Shared Services.

Ang Cavite 5th District ay binubuo ng mga bayan ng Carmona, Silang at GMA.



*Pormal na tinanggap ng Carmona MENRO ang isang side drop truck at dalawang container van na gagamitin para sa paglikom at paghahakot ng masura sa munisipalidad: sa larawan, si Mayor Dra. Dahlia Loyola, ikawalo mula sa kaliwa.*




*"Thank, thank you po, ambabait nyo po, thank you."*



*Ay, ang laki ng gift box ko!, nasabi ng isang batang Grade schooler ng Family Village Resources Elementary School sa GMA sa pagtanggap niya ng regalo muna kay Congressman Roy Loyola.*



## AFP general, others charged with murder

P.2

## TARA, MAGPA-REGISTER NA TAYO!

Page 2

# Tulong sa MSMEs ng Silang LGU, inilunsad


Mga miyembro ng Silang MSMED Council, kasama si Mayor Kevin Anarna, ikatlo mula sa kanan.

MAHALAGA ang ambag ng mga entrepreneur sa paglago ng kabuhayan sa isang lokalidad, at dahil dito, kamakailan, tinutukan ni Silang Mayor Atty. Kevin Anarna ang programa upang matulungan ang may di-kalakihan at maliit na negosyo.

Dahil dito, pamumuno ng Municipal Economic and Investment Promotion Office (MEIPO) itinatag ang Silang Micro, Small and Medium Enterprise Development (MSMED) Council na ang layunin ang pasiglahin, payabungin ang MSMEs sa Silang.

Layunin din nito na tuparin ang mga takdang tuntunin na iniiutos ng Republic Act No. 6977, as amended (also known as the "Magna Carta for Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs) para matulungan ang mga negosyante ng bayan.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Mayor Anarna na ang pagtatag ng MSDMED Council ay isa sa programa ng kanyang administrasyon upang makatulong sa MSMEs .

Sa aktibidad na ito ay dumalo at nagbigay rin ng mensaheng pampasigla si Ms. Cynthia Cortez, Senior Development Cooperatives Specialist; Ms. Susan Salonga ng BSMED; DTI Cavite Provincial Director Rev Cortez, at sina Ms. Rebecca Tarasona, Ms. Julie Salvacion, Provincial Directors of partner NGAs, Silang Stakeholders, and PPG Beneficiaries. **/Ruel Francisco, Domz B. Caoile at DTI-Cavite**

# AFP general, others charged with murder

BRIGADIER General Jesus Durante, commander of the Philippine Armyès 1001st Infantry Brigade )1001IB) based in Maco, Davao de Oro was charged with murder, the Police Regional Office (PRO) 11 said during a press conference Wednesday, January 25.

Durante, said PRO11 chied BGen. Benjamin Silo Jr.. said during a press conference called by the Special Investigation and Task Group (SITG) Plaza the PRO11 headquarters that charges of murder and obstruction of justice were filed Jesus Durante, commander for the death of Yvonnette Chua Plaza, a model and entrepreneur.

Colonel Michale Licyayo, Durante's deputy brigade commander, was also charged with murder and obstruction of justice.

Gen. Silo said that the SITG also filed murder and theft charges against SSg. Gilbert Plaza, Sgt. Delfin Sialsa Jr., Cpl. Adrian Cachero, Pfc. Rolly Cabal, Pfc. Romart Longakit, and Noel Japitan, a civilian who allegedly served as the "striker."

According to the SITG, Durante ordered his deputy to kill Plaza, 38. who was gunned down by a riding-in-tandem outside her rented house in Green Meadows Subdivision, Barangay Sto. Niño, Mintal, Davao City at around 7:30 p.m. on Dec. 28, 2022.

Brig. Gen. Allan Hambala, assistant division commander of the 10th Infantry Division (10ID), confirmed in the same press conference that they were the ones who handed over the suspects to the SITG Plaza.

Investigation and evidence recovered showed that Durante and Plaza allegedly had an intimate relationship.

Sgt. Sialsa was as the gunman and Cpl. Cachero as the motorcycle driver both confessed to the crime through an extrajudicial affidavit.

Civilian Japitan, together with Sialsa and Cachero surrendered to the SITG pieces of evidence such as the gun used in killing Plaza, a motorcycle, and a worn jersey.

SITG said thatt Japitan was instructed to dismantle and change the color of the motorcycle.

Durante was tagged as the mastermind in the killing of Plaùa in the extrajudicial affidavit sgined by Sialsa.

Gen. Hambala said that Durante and Licyayo were sacked after they were linked to the death of Plaza.

Investigation showed that Plaza was blackmailing Durante.

Durante, a former chief of Presidential Securuty Group during the incumbency of Pres. Rodrigo Duterte denied the allegation and said Plaza was a "friend."

Macbook allegedly owned by the victim contained intimate photos and email messages of Durante.

Durante and Licyayo are now under the custody of the Philippine Army headquarters in Fort Bonifacio, Taguig City, while the other soldiers are now detained at the 10ID headquarters.

# TARA, MAGPA-REGISTER NA TAYO!

Narito ang mga Assisted SIM Registration Sites ng DICT Calabarzon sa iba't ibang bahagi ng rehiyon.


Sa tulong ng National Telecommunications Commission, Department of Information and Communications Technology at Department of the Interior and Local Government, mas madali nang makakapgregistrer ang ating mga kababayan ng kanilang mga SIM Card.

Dalhin lamang ang iyong mobile phone kasama ang SIM na iyong ipaparehistro at isa sa mga valid IDs.

Maaaring pumunta sa mga DICT Registration Sites tuwing Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

Kung may katanungan o reklamo sa pag rehistro ng SIM, maaaring tumawag ng libre sa hotline 1326.

Kaya ano pang hinihintay mo, #SimRegNaTayo! #ExplainExplainExplain



# EDITORIAL

## Foreign trips ni PBBM, mabiyaya raw?

MAHALAGA sa bansa, lalo na sa pag-akit ng investment, ang madalas niyang pagdalo sa mga kumperensiya sa labas ng Pilipinas, sabi ni Presidente Ferdinand 'Bongbongè Marcos Jr.

Sabi pa ng Pangulo, sa pagbisita -- opisyal o personal --sa pakikipagmiting sa mga lider at malalaking dayuhang negosyante na na kasama ang maraming miyembro ng kanyang Gabinete at mga lokal na negosyante ay maglalantad sa mundo kung ano ang kalagayan ng Pilipinas.

Sa mga miting na iyon, "ibinebenta" ang Pilipinas para makaakit ng maraming investment sa gayon ay maisulong ang kanyang mga programa para mapalago ang ekonomya ng ating bansa.

Pag-aaksaya lamang ng oras at salapi ng taumbayan ang ginagawang foreign trips ng Pangulo, sabi ng kanyang mga kritiko, at patunay na ito ay "weak" sa pagharap at paggawa ng solusyon sa mabibigat na problema ng Pilipinas.

Sa ngayon, wala pa tayong masasabi kung ano ba ang mabibigay na magagandang bunga ng mga paglabas ni PBBM sa bansa, at kung mangyayayi nga ang mga pangako / pledges na foreign investments na nakuha niya.

Ito, sa research ng BantayBalita, ang ilan sa official at state visit ng Pangulo at pagdalo niya sa mga international conferences.

Unang linggo ng Setyembre 2022, apat na buwan matapos siyang maupo sa Malakanyang, lumipad na ang Pangulo sa Indonesia at Singapore.

State visit iyon, kasi may pormal inimbitahan si Marcos ng pinuno ng Indonesia at Singapore, at kasunod niyon, dumalo si PBBM sa United Nations General Assembly sa New York, USA.

Binatikos ang Pangulo nang mamasyal sa o Singapore para manood ng Formula One Grand Prix noong Oktubre 2022-- na nataon hinahagupit ng matinding bagyo at pagbaha ang maraming lugar sa Pilipinas.

Ano raw bang klaseng presidente si Marcos na inuuna raw ang pamamasyal kaysa tumigil sa bansa para asikasuhin ang mga kababayang nirarapido ng kalamidad?

Nitong Nobyembre 2022, umatend si PBBM sa ASEAN Summit sa Cambodia at kasunod ay makipagmiting sa Asia-Pacific Economic Cooperation sa Thailand.

Kasunod nito, sa pagtatapos ng taon 2022, bumiyahe siya sa Belgium para sa ASEAN-European Union Commemorative Summit.

Nito lang Enero 14, 2023, nakipagmiting si Marcos kay Chinese President XI JinPing at ipinagmalaki na nakakuha siya ng mahigit sa $22 bilyong investment pledges.

At nito lang nakaraang linggo. umatend siya sa Davos, Switzerland para sa World Economic Forum para ibandera ang kanyang Maharlika Investment Fund.

Sa Davos, bukod sa kanyang Gabinete ay may mga pribadong tao na kasama sa delegasyon na umabot sa 70 indibidwal.

Wala ang sagot ang Malakanyang kung sino-sino ang mga "amuyong" sa Davos at kung pera ba ng gobyerno ang ginastos sa paglalakbay sa Davos.

Sariling pera ng mga pribadong tao ang ginastos nila sa pagpunta sa Davos, sabi ng Malakanyang.

Sabi naman ni PBBM, mabiyaya ang dinaluhang mga miting at kumperensiya dahil bitbit niya sa pag-uwi ang maraming pangakong daan-daang bilyong dolyar na ilalagay sa negosyo, impraestruktura at iba pang programa na magbbigay ng trabaho at magpapasigla sa ekonomya ng Pilipinas.

Maghintay na lang tayo kung magkakatotoo ang lahat ng sinabi ni Pangulong Marcos.

# Konting kaalaman sa ating lalawigan



Gov. Juanito Victor C. Remulla Jr.



THE PUBLISHER

by Henry E. CAOILE

MAY nabasa ako: dalawa raw ang provincial capital -- ang seat of government of Cavite.

Ang alam ko at ng maraming Cavitenyo, ang Kapitolyo natin ay nasa Trece Martires City at nandun nag-oopisina ang ating makisig na Gov. JonVic Remulla.

Sabi ni ninong Eli Taparan -- na aming consultant ng pahayagang ito --, lahat ng naging gobernador ng Cavite, e sa Trece nag-opisina pero noong panahon ng Kastila, naging kapitolyo rin ang Cavite City.

Sa panahon ng revolutionary government ni Gen. Emilio Aguinado, idineklara niya na ang kapitolyo ay sa Bacoor makaraan ang ilang buwan matapos iproklama ang Philippine Independence noong June 12, 1898 sa Kawit.

'Yun ang sabi ni Ninong Eli na nagsilbing PIO noong panahon ni Gov. Johnny Remulla na ini-appoint na governor ni Pres. Ferdinand Marcos noong 1979 hanggang mag-resign noong 1986 sa panahon ni Pres. Cory Aquino.

Noong magka-eleksiyon ng 1987, nanalo uling governor ang tatay ni Gov. JonVic Remulla at nagpatuloy hanggang 1995.

Noon daw, sabi ni Ninong Eli, nakalakihan na niya mula 1950s hanggang 1992, ex-officio officers ng TMC ang nakaupong governor, vice governor at board member ng lalawigan.

Sa pagkatanda raw niya, sabi ni Ninong, panahon ni Tita Cory nangyari na maging isa nang independent LGU ang TMC sa Kapitolyo at noong 1992, nagkaroon ng unang eleksiyon at nanalo ay si Mayor Prudencio Panganiban (o Pangilinan?)

@@@

Pero alam nyo ba, officially, ang Kapitolyo o seat of government ng Cavite ay dito sa atin sa Imus City?

Kasi, noong 1977, ayon sa Presidential Decree No. 1163 ni Marcos Sr., mula sa TMC ay inilipat ang pamahalaang panlalawigan sa Imus, pero simula noon, hanggang ngayong 2023, wala ni isang gobernador ng Cavite ang nag-abala na ipatupad ang PD ni FEM.

Kaya mula 1956 matapos ang inauguration ng Cavite Provincial Capitol Building, nananatili na TMC ang kabisera ng Cavite.

Tawag dito ay "De Facto Capital" ang Trece at "De Jure Capital" ang Imus City, at noon daw, sabi ni ninong ni-request ni Gov. Johnny Remulla kay Marcos na ibalik sa TMC ang kabisera mula sa Imus, pero hindi ito inokeyan.

Kung i-request kaya ni Gov. JonVic Remulla Jr. kay Pres. Ferdinand Marcos Jr. na ibalik sa TMC ang pagiging opisyal na provincial Capital ng Cavite ..... sana mangyari.

Tutal lahat naman ng opisyal na gawain, dokumento at iba pang transaksiyon na may kaugnayan sa Cavite ay nagmumula sa Kapitolyo na nasa Trece, e di ibalik na ito sa dati at alisin na sa Imus.

Kaya mga History teacher, ano ang inyong itinuturo sa inyong mga estudyante -- TMC ba o Imus ang provincial capital ng Cavite.

Naalaala ko, may provincial Ordinance na ililipat na raw sa Barangay Malabag (?) sa Silang ang kapitolyo at doon ay magtatayo ng isang modernyo at state-of-the-art provincial capitol building.

Sana, sa panahon ni Gov. JonVic Remulla ay mangyari na iyon nang may maipagmalaki naman tayo na modernong kapitolyo ng Cavite.

At gawing isang modernong Cavite Provincial Hospital ang ating provincial capitol building at iba pang gusali roon sa TMC.

Pero sabi ni ninong Eli, mayroon pa raw yatang problema sa pagmamay-ari ng lupang kinatatayuan ng kapitolyo.










BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!

Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services

Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite

E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com

Phone: 09274890759 / 09289406369

*Publisher:* HENRY E. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Executive Editor:* DOMZ B. CAOILE
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Circulation Manager:* LIZA FE BONETE
*Contributing Writers:* NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
*Batangas Correspondent:* JOSE ALEX MASBAÑO
*Art & Production Manager:* ART BEJASA

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.


Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Si Bubby, Si Ping, si Corona, si Gloria, Cory, PNoy at iba pa



**Here n There**

**ni ELI TAPARAN ii**

SA pagkadakip kay William Reed, dating parak -- na suspek sa pagpatay sa kaibigang Bubby Dacer at driver nito na si Emmanuel Corbito -- bigla kong naalaala ang magaling na PR man.

Sometime in 2008, managing editor ako ng Diario Uno, isang Pilipino broadsheet, tinawagan ako sa telepono ni Bubby -- na naging kaibigan ko noong news editor ang ng kambal na Bandera at Tumbok tabloid ng mga Gokongwie at publisher noon ng Manila Times.

Sabi ni Bubby, sabi pasyalan ko siya sa kanyang opis sa Manila Hotel; kumain kami sa ibaba ng opis niya, kuwentuhan at bago kami umalis ni pareng Del Villanueva (+) ng Manila Bulletin, inabutan kami ng sobre, sabi niya regalo na may "palaman."

Share daw namin sa mga biyaya niya, at ang sabi, "Kahit binabanatan nyo ang kliyente ko, friends pa rin tayo."

That was the last time na nagkausap kami ni Bubby kasi bumalik ako sa gobyerno at nangyari nga ang karumaldumal na pagpatay sa kanila ng driver niya sa Indang, Cavite, November 2000.

Nahalukay ko ang mga balita, column items tungkol sa double murder at maging ang katropa kong editor na retirado na rin, pasado 70 pataas ang mga edad namin at may mga 80 anyos na.

Isinangkot sa pagpatay ang ating kabayang dating PNP chief at Sen. Panfilo Lacson na inabsuwelto ng Court of Appeals at kinumpirma ng Supreme Court.

Walang sala, not guilty si Lacson!

Ngayon na matapos ang 22 taon, ano kaya ang mga bagong developments sa kasong ito -- maungkat kaya uli ang bintang kay Lacson at si dating Presidente-Mayor Erap Esgtrada na may "alam" daw sa krimen?

Very interesting ito, kaya ating aabangan.

@@@

Sabi ng isang BBM fanatic, hindi na raw niya makakaya pang mamaluktot sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bigas, asukal, sibuyas, bayad sa tubig, koryente, upa sa renta ng bahay na panay ang pagtaas.

Pati itlog, sabi niya ay nadamay na rin, at baka magkatotoo na ang maging ulam niya ay asin.

Sana raw, wag munang "mamasyal" si PBBM na inaasahan niya na makakayang matupad ang mga ipinangakong bagong buhay, maayos, kungdi man ay, sasaganang buhay sa loob ng anim na taon.

Sabi pa niya, dapat bitawan na ni PBBM ang portfolio ng Department of Agriculture at mag-appoint na ng bagong secretary, at dugtong niya: "Sana si dating Agriculture Sec. Manny (Pinol) ang ipuwesto.

Alam daw ni Pinol ang mga "sakit" departamento at masosolusyonan niya ito.

Kami man ay bilib kay Manny -- na dating kasama namin sa media.

Ibalik uli si Sec. Pinol sa DA, your Excellency :President Marcos Jr.

@@@

Teka, sabi e kasapi na tayo ng VIP VIP Club of strong economies, totoo na at nararamdaman na ninyo ang malakas nating ekonomya?

Hehehe, e maraming lugar sa atin, superbagal ang internet connectivity, zero access, super taas pa rin ang electric rates natin at ang water, inakupooo, ano ba 'yan, para ihi ng kuting ang tulo sa ating mga gripo...ho-hummm!

Sabi ni Katotong Lod Rodrigo, miss na miss niya 'yung lolong palamura, babaero at tigasin, nyahahaha.

@@@

Naalaala ko ang Mendiola massacre noong Enero 22, 1987: 12 magsasakang nagprotesta sa Malakanyang ang napatay; 51 tao ang malubhang nasugatan.

The incident went down to history as Black Thursday na kahit ano pang gawin na rally, protesta, mga aktibista at estudyante, hindi natinag si Presidentita Cory Aquino na bigyang hustisya ang mga biktima.

Hinihingi ng mga protester na maibigay na ang lupang sinasaka nila sa Hacienda Luisita -- na exempted sa Comprehensive Land Reform.

Ang desisyon ng Renato Corona Supreme Court na i-distribute na ang lupang Hacienda Luisita ang nag-udyok sa matagumpay pa impeachment kay CJ Corona na napatunayang hindi pala totoo ang paratang na ill-gotten wealth.

May dugo rin sa kamay si PNoy at dating Interior Sec. Mar Roxas sa pinaka-worst massacre ng SAF 44 sa Maguindanao at si dating AFP chief Gregorio Catapang at dating PNP chief Alan laMadrin Purisima ay pakuya-kuyakoy na lang.

Si Catapang ay hindi na OIC ng BuCor ... na patuloy ang pagsasampa ng mga kaso laban sa pinalitan niyang si DG Gerald Bantag na suspek sa pagpatay sa aming katotong si Percival 'Percy Lapit' Mabasa.

Tumanggap ng mahigit mahigit sa P100-M ang mga senador na bumoto para sibakin si Corona at tatlo lang ang nag-dissent: Sen. Miriam Defensor Santiago (+), Sen. Joker Arroyo (+) at noon ay Senador Ferdinand Marcos Jr.

May dugo ni Corona ang mga bumoto at tumanggap pabuyang milyon-milyong piso at hanggang ngayon, ni isa sa kanila ay hindi man lang nagsabi, " I am sorry."

Mas may bayag si dating Pres. Gloria Arroyo sa kanyang makasaysayang, "I am sorry!" tungkol sa alegasyong dinaya si FPJ sa eleksiyon noong 2004 national elections.

Para sa inyong komento: mag-mensahe lang sa taparaneliseo @gmail.com / lukasdasilva990 @gmail.com



**Ping LACSON**

# Wow, Women of Imus!



**Rep. AJ ADVINCULA**



**Mayor Raffy DUALAN**



**SA TOTOO LANG!**

**by GENE T. TAN**

PINUPURI natin ang aming mga opisyal ng munisipalidad ng Naic -- sa pangunguna ni Mayor Raffy Dualan at ni Vice Mayor Junio Dualan, siyempre ang mga miyembro ng Sangguniang Bayan sa maraming proyekto para aming Naicquenos.

Bukod sa livelihood programs, mabilis na ayuda sa mga nangangailangang kababayan, inaasikaso ngayon ang isa sa magandang proyekto ng Naic na lahat ng iba pang bayan ay makikin.abang.

I am talking about the plan to build up a sanitary landfill (SLF) na kung mangyayari, hindi lang magiging malinis ang aming bayan, magkakaroon pa ng extra income ang munisipyo.

Bawat LGU ay naglalaan ng milyon-milyong pisong badyet para sa basura -- na kung sa SLF ng Naic sila magtatapon, isipin ang malaking revenue nito every year.

Ang kikitain sa SLF ay maipopondo sa maraming programa ng bayan at malaking tulong sa kabuhayan ng mamamayan ng Naic.

Sana matuloy ang proyektong ito.

@@@

Sa kaba-browse ko sa laptop o, nakita ko ang Women of Imus Facebook page.

Ang dami nilang activities: kamakailan, naghatid ang WOI ng ayuda sa mga nasunugan sa Barangay Poblacion 4A.

Ipinamigay nila ay damit, food packs, at mga gamit sa bahay, at alam natin, pag nasunugan ka, halos wala nang matitira.

Kasabihan nga, mas mabuting mapagnakawan ka ng ilang ulit, wag lang ang masunugan.

At hindi huminto ang WOI at muling binalikan ang mga nasunugan at namigay uli sila ng 86 food packs, mga damit, plato, tasa, noodles, kape, tinapay, biskwit at mga gamot.

Sa nabasa, itong Women of Imus ay isang non-goverment organization na ang layunin at pasiglahin ang partisipasyon ng mga nanay, kadalagahan at maging ng iba pang tao na nais tumulong sa mga nangangailangan.

Kapag may kalamidad, agad-agad, umaakto ang mabilis na tulong ng WOI at humingi ng tulong sa mga pribadong samahan, at syempre, ang nakatutuwa, kahit hindi raw sila magsabi, humahagibis, nandyan na si Mayor Alex 'AA' Advincula at ang kanyang makisig na anak, si 3rd Cavite District Rer. Adrian Jay "AJ" Advincula.

Abala rin ang WOI sa pagbibigay ng mga livelihood programs para maturuan ang mga nanay na taumbahay na matuto ng mga bagong skills tulad ng pagbe-bake, at iba pang kaalaman para kumita ng pandagdag sa gastos sa araw-araw.

Ang maganda, yung kanilang kongresman ay laging nandyan lang para umalalay sa anomang proyekto ng WOI at ang mga may kailangan tulad ng gamot sa maysakit, tulong sa pag-aaral at iba pa, para sa Imuseno, ang samahang ito ay nangunguna sa pagtulong.

Ay, sobrang naiinggit naman ako at sana, may ganito ring samahan ng kababaihan sa ibang LGUs sa ating lalawigan.

Kamakailan nga, nagkaroon ng graduation sa mga iskolar ng Bread and Pastry Production na si Cong. AJ ay nagbigay ng libreng tuition, daily allowance sa mga nagtapos na participants.

Sa kanyang mensahe sa graduation, ipinaalaala ni Cong. AJ ang matandang kasabihan na "Kapag binigyan mo ng isda ang

*sundan sa pahina 7*



*WOI President, Ma'am Malou Prospero at ang mapagkakatiwalaang si Ms. Janice Guadanamor ng Shelter Homes ng Buhay na Tubig sa Imus.*

# PNP confiscates 684 firearms, revokes 240 licenses in campaign vs illegal guns

MANILA, Philippines — The Philippine National Police (PNP) revoked 240 firearm licenses and confiscated 684 firearms registered under licenses which were found to be involved in various violations and crimes over the past four years.

The sustained revocations of the license privilege of gun holders followed after the relentless implementation of RA 10591 or the Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act meant to ferret out unauthorized gun owners in a bid to boost the country's law and order condition.

PNP-FEO chief, Col. Kenneth Lucas said the FEO conducts regular inspections and audit in accordance with RA 10591.

"No one is exempted in our enforcement of the law. Our implementation is always fair and judicious in accordance with existing laws and regulations. This only manifests that we are serious in our thrust to account loose firearms in all parts of the country, said Lucas.

In 2022 alone, 41 licenses to own and possess firearms (LTOPF) were revoked by the PNP FEO for various violations of existing regulations. During the same year, a total of 201 firearms registered to these revoked licenses were likewise subsequently confiscated.

The grounds for revocation include involvement of the gun owners in any violation of laws like illegal drugs, illegal gambling, commission or pendency of a crime involving firearms and ammunition, prolonged non-renewal of a firearms license, illegal or unlawful transfer of firearms, violation of the election gun ban, revoked by order of the court, and misrepresentation or submission of spurious supporting documents.



*PNP chief Rodolfo Azurin Jr. inspects the confiscated 684 firearms*





Thanks for Choosing AWS (ALFFEJEN WATER SERVICES) because.. "Your health Goal is AWS Goal"

As we experiencing Severe Tropical Storm "Paeng", Filipinos are renowned for being resilient in the face of a storm. All we need to do is be vigilant, alert, social media smart, and most importantly, keep faithful to Our Almighty God.

In addition, always keep a list of emergency phone numbers handy. Remember that flood water can contaminate well water with livestock waste, human sewage, chemicals, and other contaminants that can lead to illnesses when used for drinking, bathing, and other hygiene activities. Dug wells, bored wells, and other wells less than 50 feet deep are more likely to be contaminated, even if damage is not apparent.

If your water comes from a private well that has been flooded, consider the following guidance for making water safe and for emergency water sources until you are certain your water is free of contaminants and safe to drink.

Last but not least, be sure to have an adequate supply of food and clean and safe water in a covered and sealed containers.

If you want to have a AWS CENTRALIZED WATER TREATMENT SYSTEM, simply do a private message or contact us 09279182878/09668963151.

**We Install:**

- Centralized Water Filtration System for HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Reverse Osmosis System (Purified Water Production) HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Home and Office Alkaline Drinking Unit
- Alkaline, Purified, and Mineral Water Refilling station.


## HOLLOW BLOCKS MADE FROM TRASH


Tampok sa bagong Material Recovery Facility ng lokal na pamahalaan ng Amadeo ang mga hollow blocks at bricks na gawa sa cement at pulverized o shredded segregated waste materials tulad ng bottles at plastics.

Ito ay bahagi ng adhikain ni Mayor Redel John Bawalan Dionisio na maisulong ang "Waste Segregation" upang mabawasan ang dami ng mga basura at mapanatiling malinis ang kapaligiran. | **via Ruel Francisco, PIA-Cavite. Amadeo Public Information Office**






*Matibay na hallow block, ipinapakita ni Mayor Redel John Bawalan Dionisio (kanan).*






**SM City Tanza –** The Goodness of Home is here at SM City Tanza!

Try our freshly-baked Mary Grace Ensaymadas and Cheese Rolls, our signature Hot Chocolate, and homemade classic Cake,pastries and more.

You can also celebrate with us your birthday part, baptismal and other occasions. Just message us at reservations@marygracecafe.com

Visit us at the Ground Level to feel the love of home.

See you #SMFam #EverythingsHereAtSM



# Pangako ni Xi Jinping, anyare?

Tapat bang makipag-usap ang China sa isyu ng South China Sea (SCS) na kilala rin sa tawag na West Philippine Sea (WPS)?

Naitanong ito matapos maiulat ng GMA News, 24 Oras at ipakita ang isang video na itinataboy isa isang Chinese Coast Guard (CCG) vessel 5204 at isang speed boat ang mga Pilipinong mangingisda sa Ayungin Shoal, na parte ng exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas.

Malapit lang ang Ayungin Shoal sa Mischief Reef may layong 100 nautical miles sa Palawan -- kapwa nasa loob ng WPS.

Ipinadala na ng Philippine Coast Guard (PCG) ang reklamo ng mga mangingisda sa National Task Force-West Philippine Sea at sa Department of Foreign Affairs (DFA).

Ayon kay PCG Spokesperson Commodore Armand Balilo, mali na itaboy ang mangingisda sa Ayungin Shoal na parte ng EEZ ng bansa.

Nabatid kay PCG Commandant Admiral Artemio Abu na nakatambay sa lugar ang ilang barkong militar sa Ayungin at ang barkong BRP Sierra Madre para pangalagaan ang sekuridad sa lugar.

Aniya, bukod sa BRP Sierra Madre, nagpapatrolya rin ang maraming 44-meter vessels.

Gayunman, sinabi ni Commandant Admiral, masyadong malawak ang WPS at hindi laging naroon sila para maproteksiyon ang mga mangingisda.

Makapanggaling sa opisyal na pagbisita sa China. sinabi President Ferdinand Marcos Jr. na "ipinangako" ni Chinese President Xi Jinping na papayagan na makapangisda ang mga Pilipino sa pinag-aagawang teritoryo sa SCS.

"It's really an agreement. China will not stop our fishermen from fishing," sabi ni Marcos na iyon ang ipinangako sa kanya ni Xi Jinping sa dinaluhang 5-araw World Economic Forum sa Daavos, Switzerland kamakailan.

Wala pang ulat ang embahada ng China tungkol sa nabanggit na insidente, at hindi pa mabatid kung nagpadala na ng diplomatic protest ang Department of Foreign Affairs ng Pilipinas.

# In DOST R02: Everything Is Possible



OVER the years, we have seen how essential the contribution of Science Technology and Innovation (STI) is in the development of our Country.

The Department of Science and Technology (DOST) Region 02 has displayed firmly its accomplishments in STI, achieved excellence in the S&T ecosystem and echoed the spirit of Resilience in the entire Cagayan Valley.

The agency's competency has shown in many aspects of government service. Moreover, the leadership and management of DOST R02 have formed the backbone of various improvements and strategies.

This includes leadership in providing a unity of purpose, while also establishing the direction of the organization through its programs, projects and activities (PPAs).

Now, with our new battle cry, One DOST4U, DOST R02 will continue to advocate the utilization and transfer of available technologies from the research and development institutions down to the local government units, communities and industries.

DOST R02 will never stop from recognizing resilient MSMEs for continuously embracing the importance of unleashing creativity through Innovations and having the ability to respond rapidly and effectively in any circumstances.

Furthermore, DOST R02 with its mandate, will continue to provide central direction, leadership and coordination of scientific and technological efforts in building smarter cities and communities in the country.

This proved that DOST R02 is the leading STI hub in Cagayan Valley and Beyond.

As we move forward to the next level of our S&T Landscape, DOST R02 will find and encounter even more enormous ideas that can help characterize the massive use of emerging technologies.

This may sound overwhelming, but in DOST R02, everything is possible./ DOST 2




# Tablet, educational devices para sa PWDs

PERSON with Disability (PWD) students in the town of General Mariano Alvarez (GMA) were the first recipients (Batch 1) who received educational devices (tablets) from the Office of the Provincial Governor.

GMA Mayor Maricel Echevarria Torres thanked the Governor's office for providing the PWD students with much-needed devices not only in online classes but also for those undergoing online therapy. **(RF/Mayor Maricel Echevarria Torres FB page)**




# Wow, Women...

*mula sa p.4*

isang tao, mapapakain mo siya sa isang araw. Ngunit kapag tinuruan mo siyang mangisda, mapapakain mo siya habambuhay."

Ang proyekto ay sa tulong ng JMAC Training and Assessment Center at katuwang ang Tulong Trabaho Scholarship Program ng TESDA.

Sabi ni Sir AJ, umaasa siya na ang mga nag-graduate ay makapagsisimula ng munting negosyo o kaya ay magkaroon ng oportunidad sa trabaho sa mga bakery and pastry.

Mas maganda ang proyektong ito ng kongresista ng Imus, kasi nabibigyan ng skills, kakayahan at tiwala sa sarili ang mga kasali sa mga ganitong programa para sa kabuhayan.

Pag may trabaho ang isang tao, inaalis mo siya sa pagiging kimi at pananaw na walang pag-asa, ero kung may natutuhan ang isang tao, sumisigla at nagkakaroon siya ng dignidad at ag maganda, nawawala ang dole-out mentality.

Congratulations sa mga iskolar ni Cong AJ.

Isa pang nalaman ko, bisi rin ang WOI sa pagtulong sa ginagawang medical mission ng Imus City Government at maging ng Provincial Government natin.

Kamakailan, nakita ko sa FB account ng WOI ang ginawang medical mission sa Brgy. Tanzang Luma III, Imus City na katuwang si Konsehal Mark Villanueva, at si Ms. Malou Prospero na panguo ng Women of Imus Association Inc.

Sabi sa FB post: "Medical practitioners from Cavite PHO, led by Dr. Idgee Gabriel Bondoc and Dr. Marie April Jane B. Juanito, alongside Imus CHO, with Dr. Mary Ann Cruz and Dr. Jennifer F. Alba-Roamar, accommodated two hundred (200) patients for the free health and wellbeing consultation. "

At namigay pa sila ng mga gamot, suplementong bitamina at hygiene kit.

Eto pa ang maganda, may free haircut pa, at pagtuturo ng mga kaalaman sa tamang p;agsesepilyo at pangangalaga ng mga ngipin, panguwang naman at personal hygiene katuiwang ang Rotary Club of Imus East members.

At ang matagumpay na kalingang Imuseno ay naging succcessful dahil sa suporta ng mga opisyal ng Barangay Tanzang Luma II.-

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE RUDY PORRAS SERAPIA**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RUDY PORRAS SERAPIA,** who died on April 10, 2005 at 226 Gahak, Kawit, Cavite, left parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-66986 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 44, Page No. 10, Book No. 1, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 23, 30 & FEBRUARY 6, 2023**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SANTIAGO C. SORIA**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SANTIAGO C. SORIA,** who died on February 22, 2020 at Quezon City, left parcel of land covered by Tax declaration no. 13 0026-00222, Tax declaration no. B-0006-01567 & Transfer Certificate of Title No. T-943118 and Savings Account in the amount of One Hundred Eighty THosuand Eight Hundred Eighty Five and Twenty Four Centavos (Php180,885.24) with account number 007020073279 –BDO Unibank Inc. Naic, Cavite branch; Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 44, Page No. 10, Book No. 1, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 23, 30 & FEBRUARY 6, 2023**




*Yan ang serbisyong totoo: Modernong ambulansiya ang ipinagkaloob ni Cavite District One Rep. Jolo Revilla (ikalima, mula sa kaliwa) para mabilis na madala sa ospital ang mga pasyente.*

# Kalayaan Hospital may bago at modernong ambulansiya

MAHALAGA bawat minuto para mailigtas ang isang pasyente na nasa bingit ng kamatayan ang buhay.

Kapag hindi agad nadala sa ospital, malungkot na balita ang sasalubong sa kaanak ng pasyente.

Upang maseguro ang mabilis na aksiyon sa pagdadala ng pasyente sa ospital, naisip ni First District Representative Jolo Revilla na kumuha ng isang moderno, mabilis na sasakyang ambulansiya na may mga gamit sa loob na habang dinadala sa ospital ang isang pasyente, nagagawan na ng paraan upang madugtungan ang kanyang buhay.

Kaya ganoon na lang ang pasasalamat ng pamunuan ng Kalayaan Hospital sa Kawit sa ipinagkaloob ni Cong. Revilla ng isang modernong ambulansiya.à

Eto pa ang magandang balita: inianunsiyo ng kongresista na may nakalaan nang P300 milyon para sa konstruksiyon ng mga bagong pasilidad sa Kalayaan Hospital -- na ang layunin, ito ay maging sariling District One Hospital.


Ang magkaroon ng matatawag na District Hospital ang mga taga Distrito Uno ay isa sa pangakong tinutupad ni Rep. Revilla.

Konting panahon na lamang, sabi niya, mangyayari na ito at ang mga taga-Kawit, Noveleta, Cavite City at Rosario ay may pagamutang mapupuntahan para sa mga maysakit.

Hindi na kailangan pang dalhin sa labas ng Cavite ang mga pasyente at madadala na sa Kalayaan Hospital kapag naisamoderno na ang mga kagamitan, pasilidad, mga laboratoryo at madagdagdan ang mga kama.

Pangako ni Cong. Revilla: De kalidad na serbisyong medikal ang maibibigay ng Kalayaan Hospital.

Sabi nga ng BantayBalita: Hindi kami nagkamali na suportahan si Cong. Jolo Revilla. /Eli Taparan II




MAARTE ka ba, charr!

Ibig naming sabihin, may talent ka ba sa larangan ng sining (art) at ito na ang pagkakataon mo na ipakita kung gaano ka katalentado (talented).

Sabi sa anunsyo ng Imus City government: Time to flex your artworks and collections!

Kaya may paanyaya ang pamahalaang lokal na sumali at maging isa sa mga e exhibitors and vendors sa darating na BazaART of Imus City Tourism's Love ARTfair.

Sisimulan ito sa February 3, 10, 17, and 24, 2023 at Imus City Plaza!

Kaya magparehistro na ang mga talentado sa:

Ang gaganaping aktibidad ay kaugnay ng National Arts Mond.

Kaya, ano pang inyong hinihintay, go, sali na ang lahat ng "maaarte!"/ET

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 17 10.00 JANUARY 23 - 29, 2023

# Ang realidad ng politikong Pinoy



REVANZE

by Domz B. CAOILE

PURO gala lang daw si PBBM, kantyaw sa akin ng ilang katropa na nag-VP Leni.

Imbes na tutukan muna ang pag-aayos ng mga problema ng bansa, ayun, attend ng mga conference, miting sa mga lider ng bansa, talumpati nang talumpati, e nakikinig ba naman ang mga kausap ni PBBM na international leaders?

Dati bigas, sibuyas pero ngayon, 'yung itlog na karaniwang pam-breakfast natin, aba, mahigit nang P8 o P10 bawat piraso, depende sa laki; itlog na lang kaya ng pugo ang ipalit natin sa chicken eggs.

Yes, I voted for BBM pero hindi sa paniniwalang isa siyang madyikero na sa pag-upo niya, yung mga problemang naiwan na hindi na-solve ng mga nauna sa kanya, kanyang maso-solve agad.

Dahil tao, hindi makasisiguro na perfect ang lahat ng ikikilos niya, for their is no such a perfect presidential candidate: ano ba tayo, nangangarap nang gising na mayroong ganyang kandidato o politiko na perpekto.

Tulad din ng maraming lokal na politiko natin dito sa Cavite, marami rin silang kapintasan at "kalokohan" sa buhay politika at buhay personal.

Political dynasty ang bintang kay PBBM -- anak, kongresman, si ate Imee niya, senadora, mga pinsan sa Ilocos Norte, lahat nakapwesto, at pinsan sa nanay niya, si Martin Romualdez, speaker of the House,

Sa Senado, magkapatid na Cayetano, parehong senador; magkapatid na Jinggoy at JV, nakabalik sa Senado; mag-inang Villar, parehong senador at ang asawa ni Sen. Mark, kongresista sa Las Pinas, at ang mga pinsan at aunt-in-law, vice mayor at mayor ng Las Pinas.

Sa Cavite, hehehe, babanggitin ko pa ba ang dynasty na matagal nang nakaupo sa ating local government?

May mga gustong pumalit sa kanila, e ang tanong, ayaw sumubok at ang mga sumubok, ay sa kangkungan dinampot.

May nararamdaman naman, nakikita na pagbabago at pag-asenso sa Cavite kahit marami e magkakadugo, magkakamag-anak ang nakaupo -- sa ilang dekada na.

PBBM is not perfect at ngayon nga, kahit patuloy ang paninira sa kanya at parang walang nais na bigyan siya ng pagkakataon na ipakita ang kanyang magagawa.

Tandaan, iisang bangka lang tayo nakasakay at kung uugain, bubutasin ang bangkang ito, lulubog tayo, marami sa atin ay malulunod.

Yes, ating punahin ang mga mali ni PBBM at ang ganyang gobyerno, tulad din na dapat nating punahin ang mga nakikita natin, nararamdamang mali na ginagawa ng ating mga lokal na politiko.

Pero gawing constructive ang pagpuna: 'yung pagpuna na makatutulong na maituwid ang mali, at hindi ang batikos sa layuning wasakin, siraan at ibagsak sa puwesto.

May tamang panahon diyan sa panahon ng eleksyon: 'yun ang panahong rambulan na at 'yung character assassination ay uso sa politikang Pinoy.

Bahala na ang mga botante kung maniniwala o tatanggihan ang propaganda sa panahon ng eleksyon, basta pagkatapos ng mapili ang gusto ng tao, ating suportahan, kahit na ayaw pa natin sa kanila.

'Yung mga anti-Marcos, hehehe, na walang nakikitang mabuti sa ginagawa niya at ng kanyang pamilya, hindi na gaanong tumatalab.

'Wag nating iasa sa gobyerno ang lahat ng kailangan natin; magtrabaho tayo, magsumipag at maging masunurin sa batas at maging disiplinado.

Salamat po.

@@@

E kailan daw tayo magsisimulang pumuna o mag-criticize ng mga politiko na sa tingin natin e dispalinghado at walang ginagawa kungdi pansarili lang at hindi para sa kanilang constituents.

Madali pong mag-criticize, dear readers, pero ang patunayan iyon, iyon ang problema.

Tama na may lantaran tayo na nakikitang na anomalya na ginagawa ng ating lokal na politiko, pero sapat na ba batikusin pero wala naman maglalakas-loob na sumaksi, magpatotoo at magbigay ng ebidensiya, dokumento.

May mali sa ating judicial system: lantaran at uso pa rin ang karisma ng pera, sabi nga, "When money talks, everybody (raw?) listens -- na madalas ay totoo.

Kaya mahirap talagang bumangga sa pader at bakit kaming nasa "media" ang madalas na sinisisi kung hindi kami lantarang nagsisiwalat ng mga anomalya -- na idinadaing ng aming mambabasa.

Kasi, puro lang naman akusa, pero asan ang ebidensiya at kami pa ang uutusang maghanap sa mga iyon, gayong ang nais na mailantad ang katiwalian at may alam, ayun, nakanganga, at ang media ang inaasahang lumaban para sa kanila nang wala kahit anong dalang dokumento, kahit kapirasong papel ng salaysay na sinumpaan at walang maibigay na "hard evidence."

Sa korte, ebidensiya ang kailangang dala, hindi ang akusasyon at ang pagsusumbong ng katiwalian.

'Yan ang realidad ng ating buhay at sa ngayon, 'yan ang mapait at masakit na katotohanan.

Para sa inyong komento: mag-message lang sa domzcaoile@yahoo.com